

Pag-aaral ng Bibliya

Aralin para sa Disyembre 7

Ang Salita ng Diyos

***Pangunahing Mga Talata: "Ang buong kasulatan ay inspirasyon ng Diyos at kapaki-pakinabang sa pagtuturo, sa pagsaway, sa pagwawasto, sa pagturo sa katuwiran, upang ang tao ng Diyos ay ganap, na lubusang handa sa lahat ng mabubuting gawa."
2 Timoteo 3:16,17***

***Piniling mga Kasulatan:
2 Timoteo 3:14-17; Awit 119:105***

Isinulat ni Apostol Pablo ang kanyang huling liham kay Timoteo habang nakagapos sa kadena bilang bilanggo sa Roma. (2 Timoteo 1:16; 2:9). Sa mga sulat ng apostol sa Maagang Simbahan, tinutukoy niya si Timoteo bilang "kasamahan ko sa gawain," at "minamahal at tapat na anak sa Panginoon." (Roma 16:21; 1 Corinto 4:17). Sa kanyang liham, unang pinayuhan ni Apostol Pablo si Timoteo na "huwag kang mahiya sa patotoo tungkol sa ating Panginoon o sa akin, bilang kanyang bilanggo," kundi "sa halip, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos,

makiisa ka sa aking pagdurusa para sa ebanghelyo."
2 Timoteo 1:8

Sa huli ng kanyang epistola, sinasabi ng apostol, "Maging matatag ka sa biyayang nasa Cristo Jesus. Ang mga bagay na narinig mo sa akin sa harap ng maraming saksi, ipagkatiwala mo sa mga tapat na tao na magagawang turuan din ang iba." (2 Timoteo 2:1,2). Pagkatapos ay binalaan ni Apostol Pablo si Timoteo na "sa mga huling araw [ng kasalukuyang panahon] ay magkakaroon ng mapagsubok na mga panaun," at tinukoy niya ang mga di-banal na saloobin at pag-uugali na umiiral kahit sa ilan na sa panlabas ay nagpapakita ng kabanalan. (2 Timoteo 3:1-7). Upang labanan ang mga ganitong kalagayan, hinihikayat ng apostol si Timoteo, pati na ang lahat ng tagasunod ni Cristo, na alalahanin ang kanyang "katuruan, pag-uugali, layunin, pananampalataya, pagtitiis, pag-ibig, pagtitiyaga, pag-uusig, pagdurusa," at sinasabi na "ang lahat ng nagnanais mamuhay nang banal kay Cristo Jesus ay uusigin." mga talata 10-12

Muli nating binabanggit ang ating Mga Pangunahing Bersikulo, na isinisingit ang mga Griyegong kahulugan ng ilang salita: "Ang bawat kasulatan na hinango sa Diyos ay kapaki-pakinabang [makatulong, may benepisyo] para sa pagtuturo, para sa pagsaway [upang mahikayat, mapaniwala], para sa pagwawasto [pagtuwid, reporma], para sa

pagtuturo sa katuwiran: upang ang tao ng Diyos ay maging ganap, lubusang handa para sa bawat mabuting gawain." Dito binibigyang-diin ng Apostol ang kahalagahan ng "bawat kasulatan na hinango sa Diyos," at na dapat nating buong sigasig at may paggalang na basahin, pag-aralan, at pagnilayan nang malalim ang buong Banal na Salita ng Katotohanan.

Ang mga hula na nakatala sa Bibliya ay nagpapakita ng karunungan ng Diyos, ipinapakilala sa atin ang kaniyang mga plano at layunin, at nagbibigay-daan upang tingnan natin ang kasalukuyan at ang hinaharap mula sa makadiyos na pananaw. Habang mas nagkakaroon tayo ng malinaw na pag-unawa sa mga planong puspos ng karunungan ng Diyos, mas magiging handa tayong maglingkod sa kaniya sa wastong paraan at sa tamang espiritu—hindi bilang "alipin," kundi bilang "mga tagapagmana" at "mga anak." Roma 8:1-17; Galacia 4:1-7

Ipinahahayag sa atin ng mga Banal na Kasulatan kung ano ang magiging kalagayan sa darating na kaharian ng Diyos, na tumutulong sa atin na labanan ang kasalukuyang di-mapanalangin na impluwensiya ng "masamang sanlibutang ito." (Galacia 1:4). Ang masusing pag-aaral ng "bawat kasulatan na hinango sa Diyos" ay lubos na nagpapalakas ng ating pananampalataya sa Maylalang at sa lahat ng

kaniyang "lubos na dakila at mahalagang mga pangako." 2 Pedro 1:4

Ang inspiradong Salita ng Katotohanan ay ibinigay, "upang ang alipin ng Diyos ay maging ganap na handa sa bawat mabuting gawa." (2 Timoteo 3:17). "Ang mga bagay na naisulat noon ay naisulat para sa ating pagkatuto, upang sa pamamagitan ng pagtitiis at ng aliw na mula sa mga kasulatan ay magkaroon tayo ng pag-asa." - Roma 15:4